# WHAT SHAPES US

## Pagpapabanal

**WEEK 3**

### WARM-UP

- Magbigay ng isang bagay na pagmamay-ari mo, na ginagamit mo lang sa mga espesyal na okasyon o para lang sa isang layunin. Bakit mo ito inilalaan para lamang dito?
- Sa tingin mo, paano ka lumago bilang tao nitong nakaraang limang taon? Magbahagi ng isa o dalawang bagay na natutunan mo na mahalaga sa kung sino ka ngayon.
- Sino ang tinitingala mo o gusto mong tularan? Bakit?

### WORD

*"Ibukod mo sila upang maging iyo sa pamamagitan ng katotohanan; ang salita mo ay katotohanan."* **JUAN 17:17**

Bilang mga mananampalataya, natanggap natin ang kaligtasan sa pamamagitan ng ginawa ni Cristo sa krus. Patuloy na pinapakilos ng Diyos sa buhay natin ang Kanyang kaligtasan upang tayo ay mas lalo pang maging katulad ni Cristo. Ang prosesong ito kung saan ginagawa tayong katulad ng imahe ni Cristo ay tinatawag na pagpapabanal o *sanctification*, at ito ang kagustuhan ng Diyos para sa atin. Ang ibig sabihin ay hindi na tayo magiging katulad ng iba, na sunud-sunuran sa kultura, o naghahangad ng pagsasakatuparan sa sarili. Tayo ay lumalago sa pagiging katulad ni Cristo araw-araw sa pamamagitan ng Banal na Espiritu at ng salita ng Diyos. Ngayong araw, mas lalo nating maiintindihan kung ano ang ibig sabihin ng prosesong ito.

## 1 Ang Banal na Espiritu ang tumutulong upang maitulad tayo kay Cristo.

[12]*"Marami pa sana akong sasabihin sa inyo, pero hindi n'yo pa kayang intindihin sa ngayon.* [13]*Pero pagdating ng Banal na Espiritu na siyang tagapagturo ng katotohanan, tutulungan niya kayo para maintindihan n'yo ang lahat ng katotohanan. Ang ituturo niya ay hindi galing sa kanya; sasabihin niya kung ano lang ang narinig niya at ipapahayag din niya sa inyo ang tungkol sa mga bagay na darating.* [14]*Pararangalan niya ako dahil sa akin manggagaling ang lahat ng ipapahayag niya sa inyo.* [15]*Ang lahat ng nasa Ama ay nasa akin, kaya sinabi kong sa akin manggagaling ang lahat ng ipapahayag niya sa inyo.* **JUAN 16:12–15**

Ang Banal na Espiritu ang pangatlong persona sa Trinity, na gumagabay at namumuno sa atin upang mas maitulad tayo kay Cristo. Bilang tagatulong at tagapagturo natin (Juan 14:26), ipinapaalala sa atin ng Banal na Espiritu ang mga pangaral ni Jesus at tinutulungan Niya tayo sa panahon ng kahinaan (Mga Taga-Roma 8:26). Kung wala ang Banal na Espiritu, mag-isa lang tayo at walang kapangyarihan sa buhay. Ayon sa 2 Corinto 3:17–18, paano tayo binabago ng Banal na Espiritu upang mas lalo tayong maging katulad ng imahe ni Cristo? Magbahagi ng isang partikular na pangyayari na nagpapaliwanag nito.

## 2 Ang salita ng Diyos ay nagpapabanal sa atin sa pamamagitan ng katotohanan.

*"Ibukod mo sila upang maging iyo sa pamamagitan ng katotohanan; ang salita mo ay katotohanan."* **JUAN 17:17**

Noong ipinagdasal ni Jesus ang Kanyang mga disipulo, nanalangin Siya na maging banal sila sa salita ng Diyos. Kapag tayo ay nagbabasa ng salita, kinakausap tayo ng Diyos sa pamamagitan ng Banal na Espiritu—ipinapakita Niya ang Kanyang sarili, ginagabayan Niya tayo at tinuturuan kung paano mamuhay. Ang salita ay parang salamin (Santiago 1:23–24, isang ilaw na nagliliwanag sa isang madilim na lugar (2 Pedro 1:19), at isang espada (Mga Hebreo 4:12). Paano pinapatibay ng salita ang iyong pananalig at paano ka ginagabayan para mas maging katulad ni Cristo?

Ang panalangin ni Jesus sa Juan 17 ay para sa pagpapabanal ng mga nananampalataya. Ipinagdasal Niya ang pagpapadala ng mga mananampalataya sa mundo (Juan 17:18) upang ipahayag at ipakita Siya. Habang tayo ay patuloy na nagiging katulad ni Cristo sa pamamagitan ng Banal na Espiritu at ng Kanyang salita, sana ay makita rin Siya ng iba sa buhay natin at sa pamamagitan natin.

## APPLICATION

- Sa tingin mo, bakit iyon ang ipinagdasal ni Jesus para sa Kanyang mga disipulo? Batay dito, paano mo pahahalagahan ang salita ng Diyos?
- Anong bahagi ng buhay mo ang kailangang maging mas katulad ni Cristo? Sa tingin mo, bakit mahirap ito para sa iyo, at paano mo ito mapagtatagumpayan?
- Gaano kahalaga sa iyo ang Banal na Espiritu? Ano ang isang bagay na sisimulan mong gawin sa ibang paraan upang mas magtiwala ka pa sa ating tagatulong at tagapaggabay araw-araw?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang pagmamahal at pagnanais na tayo ay maging banal. Maging totoo tungkol sa iyong kahinaan at pagkukulang sa harap Niya. Aminin ang pangangailangan mo sa Kanya sa buhay mo araw-araw.
- Ipanalangin na patuloy kang maging mas katulad ni Cristo sa paglipas ng bawat araw. Ipanalangin na sa pamamagitan ng salita ng Diyos, ikaw ay magabayan sa katotohanan ng Banal na Espiritu.
- Ipanalangin na makita sa buhay mo si Cristo. Ipanalangin na maipapakilala mo Siya sa pamamagitan ng iyong pananalita at pamumuhay.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Bruce Chua, Varsha Daswani, Chrysse Manuel-Pili

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.